Republic of the Philippines
Department of Education
Caraga Region
SCHOOLS DIVISION OF SURIGAO DEL SUR
Balilahan, Mabua, Tandag City, Surigao del Sur, 8300

Memorandum Pansangay
Blg. 312, s. 2019

SA MGA: Tagamasid Pampurok/District In-Charge
Prinsipal ng mga Paaralang Pampubliko at Pampribado Elementarya at Sekundarya

MULA KAY: **MARILOU B. DEDUMO, Ph. D., CESO V**
Tagapamanihalang Pansangay ng mga Paaralan

PAKSA: **BUWAN NG WIKANG PAMBANSA/PANSANGAY NA TAGISAN NG TALENTO SA FILIPINO**

PETSA: Hulyo 10, 2019

---

1. Bilang pagtalima sa mandatu ng taunang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2019 na pinangungunahan ng Komisyon ng Wikang Filipino (KWF) (Sanggunian DepEd Memo 079, s. 2019)

2. Kaakibat nito ay ang pagtugon sa proklamasyon ng UNESCO na Pandaigdigang Taon ng mga Katutubong Wika itong taong 2019. Pinagtibay ng KWF ang Kapasiyahan ng Kalupunan Blg. 18-31 at Blg. 19-03 na nagtatakda ng paksang "Wikang Katutubo Tungo sa Isang Bansang Filipino."

3. Nilalayon ng pagdiwang ang mga sumusunod:
   a. maiangat ang kamalayan ng mga mamamayang Pilipino ukol sa halagang multilingguwalismo sa paglikha ng isang bansang Filipino na may pagkakaunawaan.
   b. mahikayat ang mga mamamayang Pilipino lalo na ang mga may-ari ng katutubong wika na makilahok sa mga gawaing pangwika ng KWF, mapangalagaan ang mga karapatang pangwika sa pagpapatupad ng mga patakarang magbibigay ng siguridad laban sa mga diskriminisasyong wika; at
   c. maipakilala sa mga mamamayang Filipino ang KWF bilang ahensya ng pamahalaan na nangangalaga sa mga katutubong wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga programang pangwika.

4. Ipinabatid na ang mga aktibidad sa Pambansang Tagisan ng Talento sa Filipino ang s'yang susundin sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika tulad ng:

| | | |
|---|---|---|
| a. Madulang Pagkukuwento | } | Elementary |
| b. Sulat Bigkas ng Tula (Sulkas Tula) | } | Elementary |
| c. Interpretatibong Pagbasa | - | Junior High School |
| d. Dagliang Talumpati | - | Senior High School |

5. Magkaroon ng yunit na Tagisan ng Talento (athletic unit) na pamumunuan ng mga sumusunod:

| | | |
|---|---|---|
| Unit I | - | Ramonito D. Cortes |
| Unit II | - | Hilario B. Delos Reyes |
| Unit III | - | Cynthia O. Acevedo |

Unit IV - Encarnacion M. Padua
Unit V - Uldarico Luarez
Unit VI - Felisa B. Batistil

a. ang magwagi ng unang gantimpala sa bawat yunit ang maging kalahok sa Tagisan Pansangay na gaganapin sa Agosto 30, 2019 sa unang Distrito ng San Agustin, San Agustin, Surigao del Sur.
b. ang punong-abalang distrito sa pamumuno ni Virgil B. Eder, Ph.D. Kaakibat ang Filipino Koordineytor ng distrito, mga Filipino Master Titser at Filipino titser ay binibigyan ng kapangyarihanng mamamahala sa buong paligsahan.
   b.1 pagtakda ng iskedyul kung kailan isasagawa ang yunit paligsahan.
   b.2 paggawa ng Sertipiko ng paglahok, pagdalo at pagkilala.
   b.3 pagkuha ng mga hurado/inampalan

6. Ang punong-abala ay magsumite ng accomplishment report.

7. Ang butaw o rehistrasyon ay sa halagang tatlong daan at limampu (P350.00) bawat kalahok para sa pananghalian, minindal at iba pang gagastusin.

8. Ang salaping gugugulin para sa pamasahe, rehistrasyon at iba pang gastusin ng bawat kalahok ay manggagaling sa pondong local, PTA, SEF o iba pang mapagkunan ng pera na sasailalim sa kinagawiang pagtutuos at pag-aawdit.

9. Hinihiling ang maaga at dagliang pagpapalaganap sa kinauukulan ng Memoradum na ito.

*cid/ims/lozaldo*

References: Memorandum Pangkagawaran Blg. 079, s. 2019

To be indicated in the Perpetual Index
under the following subjects

BUWAN NG WIKA ALITUNTUNIN MEMORANDUM